Republic of the Philippines
**SANGGUNIANG BAYAN**
Taytay, Rizal

*PK Blg. 2407 - 081*

**KAPASYAHAN BLG. 428 serye ng 2024**

# ISANG KAPASYAHAN NA NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NG DATING PUNONG LALAWIGAN KGG. REYNALDO REYES SAN JUAN, M.D., LLB, AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY AT NG BUONG LALAWIGAN NG RIZAL

---

| | |
|---|---|
| May Akda at Nagpanukala: | Kon. Philip Jeison J. Cruz |
| Kapwa Nagpanukala: | Pang. Punong Bayan Sophia Priscilla L. Cabral |
| | Kon. Jan Victor B. Cabitac |
| | Kon. Ma. Jeca B. Villanueva |
| | Kon. Patrick John P. Alcantara |
| | Kon. John Tobit E. Cruz |
| | Kon. Joanne Marie P. Calderon |
| | Kon. Ma. Elaine T. Leonardo |
| | Kon. Andres C. Cruz Jr. |
| | Pangulo LnB Roseller Z. Valera |
| | Pangulo Ped. SK Janinah Olivienne D.L. Mercado |

---

SAPAGKAT, sa kanyang mahabang panahong paglilingkod sa Bayan at sa Probinsya ng Rizal, si Kagalang-galang Reynaldo "Rey" R. San Juan ay nagpamalas ng ibayong sipag at katalinuhan na nakatulong ng malaki upang mapaganda at maging maayos ang serbisyong pambayan at panlalawigan;

SAPAGKAT, si Doktor Rey San Juan ay nagsilbing Municipal Health Officer ng Taytay habang tinatapos ang kanyang pag-aaral ng abogasya sa gabi;

SAPAGKAT, si Doktor Rey San Juan ay naglingkod bilang Konsehal ng Taytay mula ika-1 ng Enero, 1972 hanggang ika-2 ng Oktubre, 1979;

SAPAGKAT, si Gobernor Rey San Juan ay naglingkod bilang gobernador ng Probinsya ng Rizal mula ika-2 ng Pebrero, 1988 hanggang ika-30 ng Hunyo, 1992;

SAPAGKAT, sa maraming pagkakataon ay naipamalas nya ang kanyang pagiging matulungin at mabuting halimbawa sa mga mamamayang may pagmamahal sa kaunlaran ng ating Bayan ng Taytay at sa Lalawigan ng Rizal;

SAPAGKAT, ang buong Bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Kgg. Punongbayan Allan Martine S. De Leon, MPA at ang bumubuo ng Sangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa lingkod bayan patungo sa kaharian ng Dakilang Maylikha;

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagpapasya, NA NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI KGG. DATING PUNONG LALAWIGAN REYNALDO R. SAN

JUAN, M.D., LLB, AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY AT NG BUONG LALAWIGAN NG RIZAL.

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-10 ng Hulyo, 2024, 3:48 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahan ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-102 Pangkaraniwang Pulong ng ika-10 ng Hulyo, taong 2024 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**ATTY. STANLEE D. CALMA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Pangalawang Punong Bayan / Tagapamatnugot

**KGG. JAN VICTOR B. CABITAC**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JOHN TOBIT E. CRUZ**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. ANDRES C. CRUZ JR.**
Konsehal

**KGG. ROSELLER Z. VALERA**
Pangulo Liga ng mga Barangay

**KGG. JANINAH OLIVIENNE D.L. MERCADO**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan